

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Inaprubahan ng Lungsod ng Brampton ang plano na pasiglahin ang ekonomiya at palakasin ang pag-unlad ng komunidad**

BRAMPTON, ON (Abril 9, 2021) – Sa pagpupulong nito sa linggong ito, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang [Community Improvement Plan](#) (CIP) para pasiglahin ang pagdami ng trabaho, suportahan ang ekspansyon ng mga gusali sa tinatarget na mga sektor, at palakasin ang lokal na ekonomiya ng Brampton.

Mula sa pagsisimula ng pandemya, nananatiling committed sa pagsuporta ang Lungsod sa pagbangon at pagiging madaling nakakabangon ng komunidad ng negosyo.

Sa nakaraang taon, inindorso ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang [Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya](#) bilang framework para pagalawin pasulong ang Lungsod. Ang estratehiya na ito ay inorganisa sa apat na cornerstone: *Inobasyon, Teknolohiya at Pagnenegosyo*, na kinabibilangan ng mas mahusay na suporta para sa mga negosyante at maliliit na negosyo; *Pamumuhunan, Sining, Kultura at Turismo*; at *Imprastraktura*.

Patuloy na naghihikayat ang Lungsod ng pamumuhunan at ang mga aplikasyon sa pagpapalano na natanggap ng Brampton sa Q1 ng 2021 ay halos doble ang naipasok kung ihahambing sa unang tatlong buwan ng 2020 at 2019.

Upang ipagpatuloy ang momentum na iyan, ang pagtatakda ng CIP ay isa na namang hakbang tungo sa muling pagpapasimula ng lokal na ekonomiya at pagpapahigit sa kompetitibong bentahe ng Brampton. Ang Batas sa Pagpapalano ng Ontario ay nagpapahintulot sa mga lokal na munisipalidad na magtalaga ng lugar bilang Lugar ng Proyekto sa Pagpapaunlad ng Komunidad na nag-aalok ng pinansyal at hindi pampinansyal na mga insentibo sa pribadong sektor para makalikha ng mga oportunidad sa trabaho at mga amenidad na kailangan para sa isang lumalaking Lungsod.

Kasama sa mga potensyal na tool na iaalok sa ilalim ng CIP, ang paunang incentive ay ang Tax Increment Equivalent Grant (TIEG) na nilalayon para hikayatin ang pangengempleado sa opisina kabilang ang komplementaryong mga paggamit tulad ng pananaliksik at espasyo sa laboratoryo. Ang TIEG ay isang kaloob, o rebate, para balansehin ang bahagi ng dagdag sa buwis sa ari-arian na mahaharap ng may-ari ng negosyo.

Bukod pa, sa pamamagitan ng pagpapatupad sa pambuong lungsod na TIEG para sa pangengempleado sa opisina, magagawa ng Lungsod ng Brampton na mag-access sa TIEG ng Rehiyon na iniaalok sa pamamagitan ng Major Office Program nito, na inaasahan na ilunsad sa 2021. Ang pagdagdag sa pamumuhunan sa mga proyekto para sa de kalidad na espasyo ng opisina ay nagtataguyod din ng kapaligiran ng “kompletong mga komunidad” kung saan ang mga residente ay maaaring mamuhay, magtrabaho, at matuto.

Inatasan ang staff ng Lungsod na ihanda at isapinal ang CIP sa Q2 at Q3 ng 2021. Magdadaos ang Lungsod ng statutory na pampublikong pagpupulong sa bandang huli ng taon na ito, at ang pinal na

CIP ay ipapadala sa Ontario Ministry of Municipal Affairs at Housing para sa rebyu at komento. Inaasahan ang CIP na maglunsad bago magwakas ang Q4.

Ihahandog ang CIP sa yugto ng itinakdang panahon at regular na rerebyuhin para matiyak na natutugunan ang mga mithiin at layunin ng mga pangangailangan sa pangenempleo ng Lungsod ng Brampton. Nakikiayon din ang CIP sa mga Termino ng mga Prayoridad ng Konseho bilang isang “Lungsod ng mga Pagkakataon”.

Nilalayan ng CIP na hikayatin ang karagdagang pangengempleo sa mahalagang mga sektor nito: inobasyon at teknolohiya; pagnenegosyo; agham sa kalusugan at buhay; at makabagong manufacturing. Ang kasalukuyang kondisyon sa pamilihan sa Brampton ay sumusuporta sa patuloy na pamumuhunan sa bagong konstruksyon sa bawat isa sa mga bahaging ito.

### **Mga Quote**

“Ang Plano sa Pagpapaunlad ng Komunidad ay nag-aalok ng hanay ng mga paraan para dagdagan ang kakayahan ng Lungsod ng Brampton para hikayatin ang pribadong pamumuhunan na nakakaambag sa pagbangon ng ating lokal na ekonomiya. Ang Brampton ay Lungsod ng mga Pagkakataon at ang pagtatakda ng CIP ay isa na namang mahalagang bahagi para matupad ang ating mga layunin habang gumagalaw tayo tungo sa pagbangon ng ekonomiya.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa ilalim ng ating Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya, tinukoy ng Konseho ang CIP bilang isa sa mahalagang item ng pamumuhunan para suportahan ang mga lokal na negosyo. Ang mga ito ang backbone ng ating ekonomiya. Habang nagtatagumpay ang mga negosyo sa Brampton, lahat tayo ay nananalo”.

- *Martin Medeiros, Wards 3 at 4; Rehiyonal na Konsehal at Chair, Planning and Development Committee, Chair Economic Development Committee, Lungsod ng Brampton*

“Ang Plano sa Pagpapaunlad ng Komunidad na ito ay tutulong sa pagpapalakas ng mga kalapitbahayan pati na rin sa pag-istimula sa pamumuhunan ng pribadong sektor at muling palakasin ang komunidad sa pamamagitan ng sariling mga aktibidad nito at mahalagang mga pakikipag-partner.”

• *Pat Fortini, Wards 7 at 8, Rehiyonal na Konsehal at Vice-Chair, Planning and Development Committee, Lungsod ng Brampton*

“Ang 2040 Vision ng Lungsod ay kumikilala sa pangangailangan na dagdagan ang puwersa ng manggagawa sa Lungsod na naninirahan at nagtatrabaho sa komunidad. Ang Plano sa Pagpapaunlad ng Komunidad ay tutulong sa transisyon ng Brampton tungo sa mas malaking bahagi ng mas maraming trabaho sa pamamagitan ng paghikayat ng mas maraming pamumuhunan sa opisina sa ating komunidad.”

- *Paul Vicente, Wards 1 at 5, Rehiyonal na Konsehal at Vice-Chair, Chair Economic Development Committee, Lungsod ng Brampton*

“Kapag kumpleto na, ang Plano sa Pagpapaunlad ng Komunidad ay kabilangan ng isang ‘toolbox’ ng potensyal na hindi pampinansyal at pampinansyal na mga programa, para iistimula ang tumatagal na

mga benepisyong para sa Lungsod ng Brampton, kabilang ang paglikha ng trabaho, kita sa buwis at pangkalahatang pagbuti ng kalidad ng buhay para sa mga residente.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)